# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　（令和７年　２月号）

## 1. Ang Pagkakaroon ng Soccer Team ng Lungsod ng Tochigi.

Ang Tochigi City Football Club ay isang propesyonal na soccer team na nakabase sa lungsod.

Ito ay bahagi sa koponan ng Japan Football League at nakamit nito sa kaunaunahang pagkakataon ang kampeonato noong nakaraang season at nabigyang promosyon na makilahok sa J3.

Sa darating na season ay magsisimula ito bilang bagong team sa koponan ng J-league.

Inaasahan na susurportahan ang homegrown team ng Tochigi City na sana ay makapagbigay aliw at inspirasyon sa marami. Bilang tahanan ng team, ang lungsod ay ibibigay ang buong suporta at kooperasyon sa koponan sa pamamagitan ng pagtataguyod sa kalusugan at pagsulong ng sports sa mga kabataan. Sa Pebrero ay magkakaroon ng soccer schools ang mga propesyonal na manlalaro ng Tochigi sa mga mag-aaral ng elementarya.

Ang eskedyul sa season na ito ay ang pagkakaroon ng 19 sa kabuuang 38 na laro dito sa Tochigi City mula sa kalagitnaan ng Pebrero hanggang Nobyembre. Ang City Football Station na matatagpuan sa Miya, Iwafune Machi ang magsisilbing lugar kung saan gaganapin ang laban ng koponan ng lungsod sa mga home games.

Ang venue ay malapit sa soccer ground at nagbibigay-daan sa mga manonood na mapalapit sa mga manlalaro upang lalong masiyahan at madama ang excitement sa laban.

Mayroong food court, mga food trucks at mga inumin na available sa loob ng stadium, para ma-enjoy ang panonood ng laro habang kumakain at umiinom.

Magkakaroon din ng mga events upang aliwin ang mga manonood bago ang laban.

Halina’t magpunta sa at manood at suportahan ang koponan ng lungsod.

## 2. Mga Lokal na Aktibidad Tungkol sa Recycling.

May ideya na huwag itapon ang mga hindi ginagamit na appliances at furnitures ngunit ito ay i-reuse. Ang re-use ay isang paraan upang mabawasan ang kinokolektang basura ng lungsod.

Kabilang sa mga lugar ng lokal na komunidad kung saan isinasagawa ang recycling activities ay ang mga sumusunod:

Sa Tochigi Clean Plaza, ibat-ibang uri ng basura ang dinadala dito sa araw-araw at ang mga iba rito ay pwede pang magamit. Upang isulong ang diwa ng pagpapahalaga sa kagamitan at turuan ang mga mamamayan tungkol sa pagbabawas ng basura, inire-recycle ng mga bagay na nakukumpuni at ibinibenta ng mura ang mga ito sa pamamagitan ng lottery. Ang mga pangunahing bagay na ini-recycle ay mga bisikleta, upuan, mesa, cabinets at iba pang kasangkapan.

Ang mga irerecyle na kagamitan ay nakadisplay sa Tochigi Clean Plaza. Kung may nais na bagay ay maaaring mag-apply para sa lottery ng pagbili nito mula umpisa hanggang sa ika-15 ng bawat even numbered months gaya ng Pebrero, Abril, Hunyo at iba pa. at kung nanalo sa lottery na ginagawa sa ika-16 ay maari ng bilhin ang recycled item.

Ang Tochigi City Social Welfare Council ay tumatanggap ng mga donasyon na mga damit ng mga bata na nalakihan na at nire-recycle ang mga ito para ibenta. Ito ay ginaganap sa unang Martes ng bawat buwan sa Nishikata Branch ng Tochigi City Social Welfare. Ang mga pangunahing bagay ay mga damit at laruan ng mga bata

Sa Tsuga Community Center naman ay ipinamimigay ang mga uniporme at iba pang gamit sa eskwela na hindi na ginagamit dahil nalakihan na o naka-graduate na ang nagmay-ari nito ngunit maaaring pang isuot . Karamihan sa mga ito ay ang mga uniporme sa eskwela, PE uniforms at shirts at iba pa.

Ang isa pang opsyon upang mabawasan ang basura ay ang paglahok sa mga lokal na flea markets at mamigay ng mga gamit na sa mga may gusto nito. Maaaring maibenta ang mga gamit na inaakalang wala ng halaga. Ganundin ay maaari makatagpo ng gamit nang hindi inaasahan.

## 3. Tungkol sa Income Tax Returns para sa Taong 2024

Paalala mula sa Tax Office ng Tochigi City:

Ang declaration para sa Income Tax, Personal Consumption Tax at Transfer of Property Tax ay gagawin mula ika- 17 ng Pebrero hanggang ika-17 ng Marso maliban sa mga araw ng Sabado, Linggo at Holidays. Ang lugar ay sa main hall ng Tochigi Chamber of Commerce and Industry na matatagpuan sa 2 Chome ng Katanayagi Cho ng Tochigi City. Walang gaganapin na konsultasyon tungkol sa bayarin ng buwis sa tanggapan ng Tochigi Tax Office sa nasabing panahon. Ang pagtanggap ng aplikasyon para sa konsultasyon tungkol sa mga nasabing uri ng bayarin sa buwis ay mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon. Magsisimula ang konsultasyon sa alas 9:00 ng umaga.

Upang makapasok sa loob ng venue ay kailangan ng admission stub tickets at ito ay makukuha sa mga sumusunod na paraan:

1. Pre-issue on-line sa pamamagitan ng official Line Account ng National Tax Agency.
2. Pagkuha ng admission stub tickets sa lugar mismo sa araw na nais mag-file ng tax declarations.

   Bagamat magbibigay ng stub tickets bago mag-alas 4:00 ng hapon, may mga pagkakataon na mas maaga na itong isara depende sa dami ng mga aplikante. Pinapayuhan na lamang ang lahat na kung maaari ay sa on-line na lamang ang gawing reservation.

   Sa lugar ng kung mag-file ng tax returns ay kailangan ang My Numbers Card para sa smart phone application kaya tiyaking dala ito.

   Ang mga kailangang ihanda para pag-apply sa pamamagitan ng smartphone ay ang My Numbers Card, 2 passwords-una①, para sa digital signature password na dapat ay 6-16 alphanumeric characters at ang pangalawa② ay 4 digits users pin numbers.

   Sa lugar kung saan dapat mag-file ng declaration ng mg buwis ay hindi dapat isumite ang nauna ng sinulatan na form sa bahay at ang kabayaran nito. Dapat gawin ito sa pamamagitan ng e-Tax o ipadala sa koreo.